**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 18-15 (GENERAL)**

| | | |
|---|---|---|
| **May-akda** | : | **Kag. Kerby J. Salazar**<br>**Pangalawang Pangulo, Lupon ng Edukasyon** |
| **Kasamang May-akda** | : | **Kag. Vivencio Q. Lozares, Jr.**<br>**Pangulo, Lupon ng Edukasyon** |
| **Mga Isponsor** | : | **Kag. Christopher N. Custodio**<br>**Kag. Walter C. Martinez**<br>**Kag. Jonas Glyn P. Labuguen**<br>**Kag. Hernando M. Granados**<br>**Kag. Gary A. Grepo**<br>**Kag. Jowie S. Carampot**<br>**Kag. Mario C. Amante**<br>**Kag. Florencio D. Ayos**<br>**Kag. Sam Deaniel C. Morena** |

**NAGBIBIGAY NG TULONG PINANSYAL SA MGA GENTRISEÑONG MAG-AARAL NG KURSONG MAY KAUGNAYAN SA AGRIKULTURA SA MGA PAMPUBLIKO AT PAMPRIBADONG PAMANTASAN O KOLEHIYO.**

**SAPAGKAT, nakasaad sa Artikulo II, Seksyon 13 ng Saligang Batas ng Pilipinas ng 1987, "Kinikilala ng Estado ang napakahalagang tungkulin ng kabataan sa pagbuo ng bansa at dapat magtaguyod at mangalaga ng kanilang kagalingang pisikal, moral, espiritwal, intelektwal, at sosyal. Dapat nitong ikintal sa kabataan ang pagkamakabayan, nasyonalismo at pasiglahin ang paglahok nila sa mga gawaing bayan at sibiko";**

**SAPAGKAT, nakasaad din sa Artikulo II, Seksyon 17 ng Saligang Batas ng Pilipinas ng 1987, "Dapat mag-ukol ng prayoridad ang Estado sa edukasyon, agham at teknolohiya, mga sining, kultura at pampalakasan upang mapabulas ang pagkamakabayan at nasyonalismo, mapabilis ang kaunlarang panlipunan, at maitaguyod ang ganap na paglaya at pag-unlad ng tao";**

**SAPAGKAT, nakasaad sa Artikulo XIV, Seksyon 2 (3) ng Saligang Batas ng Pilipinas ng 1987, "Ang Estado ay dapat magtatag at magpanatili ng isang sistema ng mga kaloob ng scholarship, mga programang pautang sa estudyante, mga tulong na salapi, at iba pang mga insentibo na dapat ibigay sa karapat-dapat na mga estudyante sa mga paaralang publiko at pribado, lalo na sa mga kulang-palad";**

**SAPAGKAT, pinahahalagahan ng Pamahalaang Lungsod ng General Trias, sa ilalim ng pamamahala ni Punong Lungsod Antonio A. Ferrer at Pangalawang Punong Lungsod Maurito C. Sison, ang edukasyon bilang mahalagang salik ng pag-unlad ng isang tao at ng isang lipunan;**

**SAPAGKAT, isinusulong ng Pamahalaang Lungsod ng General Trias ang tradisyon ng agrikultura bilang isang batayan ng pagkakakilanlan, at pinagyayaman ang mga sakahan sa buong lungsod, bilang isa sa pangunahing pinagkukunan ng ikinabubuhay ng mga Gentriseño;**

**SAPAGKAT, nababatid ng Pamahalaang Lungsod ng General Trias ang matinding pangangailangan sa mga batang magsasaka sanhi ng unti-unting pagtanda ng mga magbubukid at ng pagkawala ng interes at pagpapahalaga ng mga kabataan sa pagsasaka;**

**DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kag. Kerby J. Salazar na pinangalawahan ni Kag. Vivencio Q. Lozares, Jr., na**

**PAGTIBAYIN, AT DAPAT PAGTIBAYIN ang pagbibigay ng tulong pinansyal sa mga Gentriseñong mag-aaral ng kursong may kaugnayan sa agrikultura sa mga**

**pampubliko at pampribadong pamantasan o kolehiyo na mababasa tulad ng sumusunod:**

**SEKSYON 1. PAMAGAT. Ang Kautusang ito ay makikilala sa pamagat na "KAUTUSAN PARA SA MGA ISKOLAR NG LUNGSOD NG GENERAL TRIAS SA AGRIKULTURA".**

**SEKSYON 2. PAGPAPAHAYAG NG LAYUNIN. Layon ng Kautusang ito na maglaan ng kaukulang pondo at bigyan ng tulong pinansyal ang mga Gentriseñong mag-aaral ng mga kursong may kaugnayan sa agrikultura sa mga pampubliko at pampribadong pamantasan o kolehiyo. Hangarin nito na pukawin ang interes ng mga kabataang Gentriseño sa pagsasaka, at hikayatin sila na ipagpatuloy ang pagpapayaman ng tradisyon ng sakahan sa Lungsod ng General Trias.**

**SEKSYON 3. KAHULUGAN NG MGA TERMINO.**

a. **Gentriseño – sinuman na ipinanganak sa Lungsod ng General Trias o naninirahan sa General Trias nang hindi kukulangin ng limang (5) taon;**
b. **Mga Kursong may Kaugnayan sa Agrikultura – Bachelor of Science (BS) in Agriculture, Agricultural Economics, Animal Science, Crop Science, Farming System, Horticulture, Agribusiness Management, BS in Agricultural Engineering, BS in Agricultural Entrepreneurship, BS in Animal Health and Management, Bachelor of Agricultural Technology, BS Agroforestry, at iba pang Kursong kauri ng mga nabanggit;**
c. **Pampublikong Pamantasan o Kolehiyong Panlokal – anumang Pamantasan o Kolehiyo na pag-aari at pinapatakbo ng Pamahalaang Pambansa o Panlokal sa loob ng Pilipinas (Hal. Cavite State University, University of the Philippines at iba pang State Universities);**
d. **Pampribadong Pamantasan o Kolehiyo – anumang Pamantasan o Kolehiyo na pag-aari at pinapatakbo ng pribadong organisasyon o pribadong indibidwal sa loob ng Pilipinas;**
e. **Tulong pinansyal – tulong na salapi na katumbas ng tuition fee ng isang mag-aaral sa isang pampubliko o pampribadong pamantasan/kolehiyo; at**
f. **Lupon para sa Pambayang Paaralan (Local School Board) – kalipunang itinakda ng Batas Republika Blg. 7160 (Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ng 1991) para sa pangangasiwa at pagpapaunlad ng sistema ng edukasyon sa isang Bayan o Lungsod na siyang nagmumungkahi sa Punong Lungsod ng mga mag-aaral na pagkakalooban ng tulong pinansyal.**

**SEKSYON 4. MGA PAMANTAYAN (KWALIPIKASYON). Ang tulong pinansyal ay maaaring ipagkaloob sa mga sumusunod:**

1. **Ipinanganak o naninirahan sa Lungsod ng General Trias nang hindi kukulangin ng limang (5) taon;**
2. **May kabuuang marka (Grade Point Average) na hindi bababa sa 80%, at hindi makakakuha ng marka mula sa anumang aralin na mababa kaysa 80%;**
3. **Mag-aaral ng alinmang kursong may kaugnayan sa Agrikultura sa anumang pampubliko o pampribadong pamantasan/kolehiyo sa loob ng bansa; at**
4. **Nagtataglay ng kabutihang-asal at hindi kailanman lumabag sa Saligang Batas at sa mga alituntunin ng paaralang huli niyang pinasukan.**

**SEKSYON 5. RESPONSIBILIDAD NG LOKAL NA PAMAHALAAN. Ang Pamahalaang Lungsod ng General Trias ay magkakaloob ng tulong pinansyal na**

**katumbas ng tuition fee sa isang semester ng isang mag-aaral na kumukuha ng kursong may kaugnayan sa agrikultura sa kanyang pamantasan.**

**SEKSYON 6. RESPONSIBILIDAD NG MGA MAG-AARAL. Ang bawat mag-aaral na pinagkalooban ng tulong pinansyal ay may responsibilidad na:**

1. **Panatilihin ang kabuuang marka sa bawat semester na hindi bababa sa 80%;**
2. **Maglaan ng isang buwang serbisyo sa Panlungsod na Tanggapan ng Agrikultura sa General Trias, bawat taon sa panahon ng kanyang pag-aaral; at**
3. **Tapusin ang kurso at babayaran ng sinumang hindi makakapagtapos ang perang ginugol sa kanya ng Pamahalaang Lungsod ng General Trias.**

**SEKSYON 7. MGA IPINAGBABAWAL SA MGA MAG-AARAL. Ang bawat mag-aaral ay pinagbabawalang:**

1. **Lumipat ng kurso;**
2. **Lumipat ng tirahan o lumipat ang pamilya sa ibang bayan o lungsod; at**
3. **Kumuha ng ibang araling wala sa curriculum ng kursong kanyang pinag-aaralan, maliban sa ibang araling makatutulong sa paglinang ng kanyang mga kakayahan.**

**SEKSYON 8. PAMAMARAAN SA PAGKAKALOOB NG TULONG PINANSYAL. Susundin ang mga sumusunod na pamamaraan sa pagkakaloob ng tulong pinansyal:**

1. **Magsusumite ang isang mag-aaral ng mga sumusunod:**
   a. **Liham sa Punong Lungsod,**
   b. **Barangay Clearance,**
   c. **Salaysay ng pagpapatunay ng dalawang (2) saksi na ang mag-aaral ay naninirahan sa Lungsod ng General Trias,**
   d. **Talaan ng mga Marka (Report Card),**
   e. **Katibayan ng Kabutihang-asal,**
   f. **Resibo ng bayarin sa pamantasan/kolehiyo, at**
   g. **Katibayan ng pagkamahirap (Certificate of Indigency);**

2. **Pipili ang Lupon sa Panlungsod na Paaralan, kasama ang Pangulo ng Lupon ng Agrikultura at Repormang Pang-agrikultura at ang Pinuno ng Panlungsod na Tanggapan sa Agrikultura, ng mga mag-aaral na kanilang imumungkahi na pagkalooban ng tulong pinansyal;**
3. **Bagamat maaaring ipagkaloob ang tulong pinansyal sa sinumang mag-aaral na makasunod sa mga batayang nabanggit, anuman ang kanilang antas ng kabuhayan, bibigyang halaga ang mga mag-aaral na nagmula sa higit na mahirap na pamilya;**
4. **Makikipag-ugnayan sa Pinuno ng Panlungsod na Tanggapan sa Agrikultura ang napiling mag-aaral para sa isang buwang pagtulong sa tanggapan. Magbibigay ng katibayan ang pinuno ng tanggapan pagkaraan bago ang simula ng aplikasyon sa pagbubukas ng semester;**
5. **Lalagda sa isang kasunduan ang mag-aaral at ang isa sa kanyang mga magulang ukol sa mga responsibilidad at tungkulin ng mag-aaral at ng pamahalaan para sa pagbibigay ng tulong pinansyal; at**
6. **Magsusumite ng mga nabanggit na rekwisito ang mga mag-aaral sa bawat semester hanggang makatapos ng pag-aaral.**

**SEKSYON 9. MGA PAGBABAGO. Ang anumang kautusan na hindi umaayon o sumasalungat sa Kautusang ito ay agad na pinawawalang bisa.**

**Karugtong...pahina 4 ng Kautusang Panlungsod Blg. 18-15 (General):**

**SEKSYON 10. KAKANYAHANG MAGHIWA-HIWALAY. Kung sakali at may probisyon o bahagi ng probisyon ng Kautusang ito na itinakda na hindi naaayon sa batas ng isang may kapangyarihan na nakasasakop dito, ang mga bahagi ng Kautusang ito na hindi maapektuhan ay mananatiling ipatutupad na may bisa ng batas.**

**SEKSYON 11. PAGPAPATUPAD. Ang Kautusang Panlungsod na ito ay ipatutupad matapos pagtibayin ng Punong Lungsod at maipaskil sa mga hayagang lugar.**

**PINAGTIBAY sa HULI/IKATLONG PAGBASA noong IKA-26 NG HULYO 2018.**

**KERBY J. SALAZAR**
**Kagawad**

**JONAS GLYN P. LABUGUEN**
**Kagawad**

**GARY A. GREPO**
**Kagawad**

**JOWIE S. CARAMPOT**
**Kagawad**

**MARIO C. AMANTE**
**Kagawad**

**WALTER C. MARTINEZ**
**Kagawad**

**CHRISTOPHER N. CUSTODIO**
**Kagawad**

**FLORENCIO D. AYOS**
**Kagawad**

**VIVENCIO Q. LOZARES, JR.**
**Kagawad**

**HERNANDO M. GRANADOS**
**Kagawad**

**SAM DEANIEL C. MORENA**
**Kagawad/Pangulo, SKF**

**PINATUNAYANG WASTO:**

**WENCESLAO P. CAMINGAY**
**Kalihim**

**PINATOTOHANAN:**

**MAURITO C. SISON**
**Pangalawang Punong Lungsod/Tagapangulo**

**PINAGTIBAY:**

**ANTONIO A. FERRER**
**Punong Lungsod**

kjs/jfa/ctm/jdj